



## Mga Tagubilin sa Pasyente

### Mga Tagubilin sa Pasyente hinggil sa Ispesimen ng Semilya / Form ng Pagpunta sa Laboratoryo

Kailangan ng iskedyul para sa paghahatid ng ispesimen ng semilya. Pakiusap na basahin ang mga tagubilin bago magpa-iskedyul. Ang paghahatid ng mga ispesimen nang walang iskedyul o lampas na sa takdang oras ng iskedyul ay HINDI tatanggapin.

#### Ang pagpapa-iskedyul sa paghahatid ng semilya ay hindi pwedeng gawin online.

Upang magpa-iskedyul ng iyong pagpunta, tumawag sa LifeLabs sa 1-855-412-4495

Lunes hanggang Biyernes simula ika-9 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Tandaan: Kung ito ay umulit na pagkolekta para sa mga isyu sa transportasyon o pagkaantala, pakiusap na ipagbigay-alam sa ahente ng pagpapa-iskedyul. Pakiusap na ipaalam kaagad sa amin kung hindi ka makapunta sa iyong naka-iskedyul na oras ng pagpunta.

Hiniling ng iyong doktor ang pagsusuri ng iyong semilya (inilabas sa ari na likido) tulad ng nakamarka [x].

Ispesimen sa Kapasidad na Makabuntis  
Sundin ang mga hakbang 1-6.

Ispesimen Pagkatapos ng Vasectomy Sundin ang  
mga hakbang 2-6.

Kung ang iyong iskedyul ay sa mismong lugar na sentro ng pangongolekta, huwag kolektahin ang iyong sampol bago ang oras ng iyong iskedyul. Hindi gagawin ang hakbang 4-7.

#### Upang matiyak ang wastong resulta ng iyong pagsusuri sa laboratoryo, eksaktong sundin ang mga tagubiling ito. Kung hindi mo nauunawaan ang mga tagubilin, pakiusap na makipag-ugnayan sa LifeLabs sa 1-855-412-4495.

1. Walang aktibidad na sekswal (magpalabas sa pamamagitan ng pagsasalsal o pakikipagtalik) sa loob ng 2 hanggang 7 na araw bago ang koleksyon ng ispesimen. (Hindi bababa sa 48 na oras, hindi hihigit sa 7 mga araw)

Bilang ng mga araw mula noong huling nagpalabas ng likido mula sa ari: \_\_\_\_\_

2. Nangangailangan ang laboratoryo ng sariwa at KUMPLETONG ispesimen para sa pagsusuri. Ang lahat ng lumabas na likido mula sa ari ay dapat kolektahin. Ang mga resulta ng pagsusuri ay maaaring hindi maging tumpak kung ang anuman sa mga sampol, lalo na ang unang bahagi ng sampol, ay natapon o nawala habang kinokolekta. Pakiusap na lagyan ng tsek ang tamang kahon sa ibaba at ibigay ang papel na ito sa mga kawani ng Service Centre para sa mga Pasyente kapag iniwan mo ang iyong ispesimen para suriin.

KUMPLETONG SAMPOL:

Oo

Hindi

3. Kukuhaing ang ispesimen sa pamamagitan ng pagsasalsal. Palabasin ang LAHAT NG ispesimen sa lalagyan na ibinigay ng laboratoryo o manggagamot.

HUWAG GUMAMIT ng anumang lalagyan, condom o anumang uri ng pampadulas. Hindi tatanggapin ang ispesimen na inilagay sa anumang ibang uri ng lalagyan.

4. Isulat sa tatak ng lalagyan ang iyong pangalan, ang petsa at ang oras na iyong pagkolekta ng ispesimen.
5. Pagkatapos ng koleksyon at habang nasa biyahe, ang sampol ay dapat panatiliing nasa temperatura ng katawan sa pamamagitan ng paglalagay nito sa loob ng bulsa na nakadikit sa katawan.
6. Ang ispesimen ay dapat maihatid sa itinalagang Service Center para sa mga Pasyente sa pinakamabilis na panahong maaari pagkatapos ng koleksyon (i.e., sa loob ng 10-15 minuto), hindi lalampas sa 30 minuto pagkatapos ng koleksyon.
7. Pagdating mo sa Service Centre para sa mga Pasyente, direktang pumunta sa unahang mesa at sabihin sa kawani na mayroon kang iskedyul upang mag-iwan ng isang ispesimeng sensitibo sa oras.

Oras ng Pagkolekta: \_\_\_\_\_ Petsa ng Pagkolekta: \_\_\_\_\_

Naunawaan at sinunod ko ang lahat ng mga tagubilin sa itaas.

Pangalan ng Pasyente \_\_\_\_\_ Lagda \_\_\_\_\_